



### **Ang Professor's Lake, Eldorado Park outdoor pool, at mga wading pool ay muling magbubukas sa Hulyo 14**

BRAMPTON, ON (Hulyo 10, 2020) – Bilang bahagi ng plano sa muling pagbubukas at pagbangon ng Lungsod ng Brampton, ang Professor's Lake, Eldorado Park outdoor pool, at mga wading pool ay muling magbubukas sa Hulyo 14.

Seryosong hinaharap ng Lungsod ang kalusugan at kaligtasan ng komunidad, at ginagawa ang mga pangkaligtasang pamamaraan.

#### **Professor's Lake**

Ang Professor's Lake ay muling magbubukas sa Hulyo 14, kung maganda ang panahon, at naghihintay sa mga resulta ng pagsusuri ng kalidad ng tubig, tulad ng isinasagawa ng Rehiyon ng Peel. Kailangang maglaan ang mga bisita ng tatlong oras na timeslot para bumisita sa beach sa pamamagitan ng pagtawag sa 905.874.2350, simula Hulyo 13. Mananatiling sarado ang boathouse hanggang sa karagdang abiso.

Isasagawa ang sumusunod na mga pangkaligtasang pamamaraan.

- Ilalagay ang mga palatandaan para italaga ang mga parte ng beach na pisikal na magkakalayo para sa paggamit ng indibidwal/grupo. Ang mga parte ng beach ay dalawang metro (anim na piye) na magkakalayo.
- Ang mga attendant na staff ay nasa site para gabayan ang mga bisita sa kanilang nakareserbang mga parte ng beach at para subaybayan ang paglayo mula sa iba.
- Ang mga palatandaan ng COVID-19 ay ipapaskil para ipaalam sa mga residente ang mga restriksyon at mga patnubay at siguruhin ang angkop na daloy ng trapiko.
- Ilalagay ang mga unit ng hand sanitizer sa buong pasilidad at sa paligid ng parte ng beach. Ang pag-sanitize ng lahat ng pinaka-madalas na hawakan sa lobby, beach lobby, mga washroom, at bakuran ay magaganap sa mga regular na interval.
- Ang mga pasilidad na pagpapalitan ng damit ay hindi maaaring gamitin sa site at pinapayuhan ang mga residente na dumating na nakadamit na para sa kanilang araw sa beach.

#### **Eldorado Park Outdoor Pool**

Ang Eldorado Park outdoor pool ay muling magbubukas sa Hulyo 14, kung maganda ang panahon, at depende sa temperatura ng pool.

Isasagawa ang sumusunod na mga pangkaligtasang pamamaraan.

- Ang mga palatandaan ng COVID-19 at mga unit ng hand sanitizer ay ilalagay sa buong pasilidad at ang lahat ng mga hawakan ay regular na isa-sanitize sa buong pasilidad.



- Ang mga device na pampalitaw at mga laruan sa pool ay pansamantalang tatanggalin at hinihikayat ang mga kalahok na dalhin ang kanilang sariling kinakailangang kasangkapan, tulad ng mga flutter board, mga flipper, at mga google. Ang mga bisita ay makakagamit sa mga lifejacket kapag hinihiling.
- Ang mga pasilidad na pagpapalitan ng damit ay hindi pwedeng gamitin sa site at pinapayuhan ang mga bisita na dumating na nakadamat na para sa kanilang araw sa pool.
- Ang bawat lababo at washroom stall ay isasara sa mga washroom na pwedeng magamit ng publiko para ihikayat ang paglayo mula sa iba.

### Mga Wading Pool

Ang mga wading pool ay bubuksan sa publiko simula Hulyo 14, kung maganda ang panahon. Patatakbuhan ng Lungsod ang tatlong wading pool na matatagpuan sa Gage Park, Chinguacousy Park at Balmoral Recreation Centre. Ipapaskil ang mga palatandaan ng COVID-19 para ipaalam sa mga residente ang mga restriksyon at mga patnubay. Nasa site ang staff para paalalahanan ang mga residente tungkol sa mga patnubay sa tubig at mga pamamaraan ng paglayo mula sa iba.

### Paalala – Pinahaba ang mga Oras sa Spray Pad

Pinahaba ang mga oras ng pagbubukas ng mga spray pad. Ang mga spray pad ay bukas ngayon mula 9 AM hanggang 9 PM, kung maganda ang panahon, sa halip na 10 AM hanggang 8 PM. Bisitahin ang [www.brampton.ca/recreation](http://www.brampton.ca/recreation) para sa isang talaan ng mga lokasyon ng spray pad.

### Mga Pangkaligtasang Pamamaraan ng COVID-19

Inirerekumenda at pinaalalahanan ng Peel Public Health ang lahat na sumunod sa [Pangunahing Apat](#) na hakbang para malabanan ang COVID-19:

1. Manatiling magkalayo: Panatilihin ang 2 metrong layo mula sa lahat na hindi kasama sa iyong ligtas na social circle.
2. Magsabon nang mabuti: Hugasan nang madalas ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig o gumamit ng hand sanitizer.
- 3: Magsuot ng mask: Magsuot ng hindi medikal na mask kung saan mahirap ang pagpapanatiling malayo sa iba. Protektahan ang suplay ng mga mask na medikal ang grado para sa mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan.
- 4: Magpasuri: Kung sa palagay mo ay maaaring mayroon kang COVID-19 o nalantad dito, dapat kang magpasuri. Habang naghihintay ng resulta sa pagsusuri, manatili sa bahay, ihiwalay ang sarili sa iba at iwasan ang potensyal na paglaganap.

Mangyaring huwag pumunta sa Professor's Lake, Eldorado outdoor swimming pool, o sa mga wading pool kung masama ang iyong pakiramdam.

Sa ilalim ng bagong pansamantalang [ordinansa](#), simula Hulyo 10, ang mga hindi medikal na mask o mga takip ng mukha ay kinakailangan sa lahat ng mga panloob na pampublikong espasyo sa Brampton para makatulong sa pagpigil ng pagkalat ng COVID-19.

-30-

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)